Mga matatawagan para sa impormasyon at suporta

Department of Education and Early Childhood Development Regional Offices

Ang kumpletong listahan ng mga numero ng telepono sa mga pangrehiyong tanggapan ay matatagpuan sa:
www.education.vic.gov.au/schoolsonline/Regions.asp

Parents Victoria
Telepono: 9380 2158 or 1800 032 023 (para lamang sa mga tumatawag sa kanayunan)
Website: www.parentsvictoria.asn.au

Child and Adolescent Mental Health Services
Telepono: 1300 767 299
Website: www.health.vic.gov.au/mentalhealth/services/child/

Children's Protection Society
Telepono: 9450 0900
Website: www.cps.org.au/

Australian Childhood Foundation
Telepono: 9874 3922
Website: www.childhood.org.au/website/default.asp

Association of School Councils in Victoria
Telepono: 9808 2499
Website: www.asciv.org.au/ASCIV/Welcome.html

Victorian Council of School Organisations
Telepono: 9429 5900
Website: www.viccso.org.au/

Victorian Multicultural Commission
Telepono: 9208 3184
Website: www.multicultural.vic.gov.au/

Victorian Aboriginal Education Association Inc.
Telepono: 9416 3833
Website: www.vaeai.org.au/news/newsletter/2001dec/index.htm

State Government Victoria
Department of Education and Early Childhood Development

Mga Gabay sa Patakaran sa Kaayusan ng Estudyante

Mga Proseso sa Pagsususpinde

Ang polyetong ito ay nagpopokus sa mga usapin tungkol sa pagsususpinde sa paaralan. Ito ay para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga nasuspindeng estudyante. Nakapaloob dito ang:

- ang Patakaran sa Kaayusan ng Estudyante
- mga sama-samang inaasahang mangyari sa kaayusan ng estudyante, pagdalo sa klase at pag-aasal ng estudyante
- kung paano maaaring suportahan ng mga paaralan ang mga estudyante bago at matapos ang pagsususpinde

Ito ay may listahan din ng mga matatawagan para sa karagdagang payo at suporta.

Patakaran sa Kaayusan ng Estudyante

Ang Student Engagement Policy (Patakaran sa Kaayusan ng Estudyante) ay naglalayong magtiyak ng isang ligtas at sumasaklaw sa lahat na kapaligiran sa paaralan para sa bawat isa. Ito ay nagbabalangkas din ng mga inaasahan ng komunidad sa paaralan tungkol sa kaayusan, pagdalo sa paaralan at at pag-aasal ng estudyante.

Ang Patakaran sa Kaayusan ng Estudyante sa inyong paaralan ay dapat:

- magkaroon ng isang positibo, makatarungan at magalang na kultura
- magbuo ng isang ligtas at sumusuportang kapaligiran
- maghikayat ng positibo at magalang na mga ugnayang nagbibigay-halaga sa pagkakaiba
- maghikayat ng pakikilahok at pagbibigay-tinig sa mga estudyante
- magkaroon ng aktibong ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga.

Mga sama-samang hangarin

Ang buong komunidad sa paaralan ay kailangang makipaloob sa pagkakaroon ng mga sama-samang hangarin para sa pakikilahok at pag-aasal ng mga kawani, estudyante at kanilang mga magulang/tagapag-alaga. Bahagi nito ang pagtitiyak na may paggalang ang mga estudyante sa kanilang mga sarili, sa mga kasamang mag-aaral at sa kanilang mga guro at may mabuti silang asal. Kung hindi ito mangyari, ang isang maramihang-yugtong pagtugon ay gagamitin ng paaralan upang masuportahan ang pagbabago ng pag-aasal.

Isang maramihang-yugtong pagtugon

Ang grupong pansuporta sa estudyante ay isang mahalagang bahagi ng paghadlang at mga estratehiya ng maagang pamamagitan para sa mga estudyanteng may problema sa pag-aaral at pag-aasal.

Dito ay kinakailangang kasama kayo, ang inyong anak (kung nararapat), ang prinsipal (o kanyang kinatawan), ang guro ng inyong anak o tagapangasiwa ng year-level at mga propesyonal na tumutulong sa inyo at ang inyong anak. Maaari din ninyong isama ang isang kaibigan o kapamilyang walang bayad o regalo sa pagdalo.

Aalamin ng grupong pansuporta sa estudyante ang mga pangangailangan ng inyong anak sa pag-aaral, pakikipagkapwa, pang-emosyonal, pag-aasal at pangkapaligiran upang matiyak na sila ay makakakuha ng pinakamahusay na suporta at mga kagamitan. Kung kinakailangan, maaari kayong irekomenda gayundin ang inyong anak ng grupong pansuporta sa estudyante sa mga ahensiyang pansuporta sa komunidad para sa espesyalistang mga pamamagitan.

Ano ang mangyayari bago maganap ang pagsusus-pinde?

Para makapagsuspinde ng isang estudyante, kailangang matiyak ng prinsipal na ipinatupad ang hanay ng mga estratehiya upang tumugon sa mga pangangailangang pang-edukasyon, pakikipagkapwa at pang-emosyon ng inyong anak at ang mga ito ay hindi nakatulong sa inyong anak na magpakita ng mas positibong asal.

Pagkatapos ay magbubuo ng grupong pansuporta sa estudyante upang ipaliwanag sa inyo at inyong anak na pinag-iisipan ang pagsususpinde. Ang lahat ng mga kasali sa pulong ay kailangang magsikap at magsimula ng isang proseso ng mabisang komunikasyon at kilalanin ang mga isyu na inaalala ninyo, ang inyong anak o ang paaralan.

Ang grupong pansuporta sa estudyante ay gagawa ng isang hanay ng mga estratehiya na pansuporta sa inyo at inyong anak sa pagharap sa mga kinilalang problema.

Mga dahilan ng pagsusus-pinde

Ang mga estudyante ay maaaring masuspinde kung, habang nasa loob ng paaralan, naglalakbay patungo o pauwi mula sa paaralan o nasa isang gawain sa labas ng paaralan (kasama na ang paglalakbay patungo at pauwi) sila ay:

(a) nagbanta o gumawa ng peligro sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng sinumang tao
(b) gumawa ng malalang karahasan laban sa isang tao o gumawa ng malaking pagsira o pagwasak ng ari-arian, o kusang nasangkot sa pagnanakaw ng ari-arian
(c) nagdala, gumamit, o sadyang tumulong sa ibang tao na gumamit ng mga bawal na gamot o bagay
(d) hindi nakatupad sa anumang makatwiran at maliwanag na ibinigay na tagubilin ng prinsipal, guro o kawani
(e) palaging nakikialam sa kapakanan, kaligtasan o mga pagkakataong pang-edukasyon ng ibang estudyante
(f) palaging nanlalait, nagpaparatang ng hindi totoo, nagpapababa o nanghihiya ng ibang tao batay sa edad; pagpapasuso; kasarian; pinsala; gawaing pang-industriya; legal na gawaing sekswal; kalagayan sa pag-aasawa; kalagayan ng magulang o kalagayan bilang tagapag-alaga; pisikal na mga katangian; paniniwala o gawaing pampulitika; pagbubuntis; lahi; paniniwala o gawaing pangrelihiyon; paniniwalang sekswal; personal na pakikisama (bilang kamag-anak o iba pang ugnayan) sa isang taong tinukoy ayon sa anumang mga katangiang nasa itaas.

Gaano katagal ang pagsusus-pinde

Ang pinakamahabang pagsususpinde ay magkakasunod na limang araw na may klase at hindi hihigit sa 15 araw sa isang taon, maliban lamang kung mayroong pahintulot ng rehiyonal na direktor ng Department of Education and Early Childhood Development para sa lalong matagal na pagsususpinde. Ang mga pagsususpinde ay hindi maaaring magpatuloy sa mga araw ng bakasyon o sa susunod na termino ng klase.

Ang mga pamamaraan ng pagsusus-pinde

Kung ang prinsipal ang nakapagdesisyon ng pagsususpinde, itatakda ang pulong ng grupong pansuporta sa estudyante upang:

- ipaliwanag sa inyo at inyong anak kung bakit, kailan at saan gagawin ang pagsususpinde (hal: sa loob ng paaralan o sa labas nito)
- magbigay ng mga detalye ng mga matatawagan para sa dagdag na serbisyong pansuporta
- sa pakikipagtulungan ninyo at ng inyong anak (kung nararapat) at guro ng inyong anak/ tagapangasiwa ng year-level, gagawa ng isang Student Absence Learning Plan (plano ng pag-aaral ng estudyante habang nakaliban) na nagbabalangkas ng mga gawain sa paaralan habang nakasuspinde.

Kung ang inyong anak ay nakasuspinde, ang paaralan ay dapat magbigay sa inyo at inyong anak ng Notice of Suspension (Pasabi sa Pagsususpinde) at isang kopya nitong polyeto bago magsimula ang pagsususpinde.

Kung ang pagsususpinde ay magtatagal ng sunod-sunod na limang araw, ang prinsipal ay dapat ding magbigay sa inyo ng mga detalye tungkol sa pulong ng grupong pansuporta sa estudyante pagkatapos ng pagsususpinde.

Kaagad na pagsusus-pinde

Ang estudyante ay maaaring kaagad na masuspinde kung ang pag-aasal nito ay nangangailangan ng ordinaryong pagsususpinde o kung inilalagay nila sa malaking peligro ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng kanilang mga sarili, kawani o ibang mga estudyante.

Sa kaso ng kaagad na pagsususpinde, kayo ay pagsasabihan kaagad at magpupulong ang grupong pansuporta sa estudyante sa loob ng 48 oras upang matiyak na may nakalaang angkop na suporta para sa inyong anak. Ang paaralan ay kailangang magbigay sa inyo at sa inyong anak ng Notice of Suspension (Pasabi ng Pagsususpinde) at kopya ng polyetong ito sa pulong ng grupong pansuporta sa estudyante.

Grupong pansuporta sa estudyante pagkatapos ng pagsusus-pinde

Kung ang pagsususpinde ay limang araw na magkakasunod, kayo at ang inyong anak ay kailangang dumalo sa isang grupong pansuporta sa estudyante pagkatapos ng pagsususpinde sa araw ng pagbabalik ng inyong anak sa paaralan upang:

- repasuhin ang Student Absence Learning Plan (Plano sa Pag-aaral Habang Nakaliban) at ang nakumpletong mga gawain sa paaralan habang nakasuspinde
- gumawa ng Return to School Plan (Plano sa Pagbabalik sa Paaralan)
- gumawa ng mga estratehiya sa loob at labas ng paaralan na makatutugon sa pang-edukasyon, pang-sosyal at pang-emosyonal na mga pangangailangan ng inyong anak
- talakayin ang mga patuloy na responsibilidad ninyo, ang inyong anak, ang paaralan at sinumang mga propesyonal sa pulong.

Ang proseso ng pagreklamo sa pagsusus-pinde

Mas mabuting ipaalam ang anuman sa inyong mga pag-aalala tungkol sa pagkakasuspinde ng inyong anak sa simula pa lamang ng pulong ng grupong pansuporta sa estudyante. Kung sa pagtatapos ng pulong, nadama ninyo na ang inyong reklamo ay hindi sapat na natugunan, dapat kayong makipag-usap sa prinsipal ng paaralan.

Ang website ng Department of Education and Early Childhood Development ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon, mga numero ng telepono at dagdag na detalye ng mga matatawagan tungkol sa mga reklamo ng mga magulang.

Pumunta sa
http://www.education.vic.gov.au/about/contact/parentcomplaint.htm